


# EPP-AFA

## Modyul 6:

### Pagsasagawa ng Masistemang Pangangalaga ng Tanim Tulad ng Pagdidilig at Pagbubungkal ng Lupa, Paglalagay ng Abonong Organiko atbp.



**EPP-AFA Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Modyul 6: Pagsasagawa nang Masistemang Pangangalaga ng Tanim Tulad ng  
Pagdidilig at Pagbubungkal ng Lupa, Paglalagay ng Abonong Organiko atbp.  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Loralyn D. Casulla  
**Editor:** Jelly M. Flores  
**Tagasuri:** Filip P. Canas  
**Tagaguhit:** Jason C. Borabo  
**Tagalapat:** Jeffrey B. Sape  
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas,  
Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Lita T. Mijares,  
Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis Legaspi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

# **EPP-AFA**

## **Modyul 6:**

**Pagsasagawa ng Masistemang  
Pangangalaga ng Tanim Tulad ng  
Pagdidilig at Pagbubungkal ng  
Lupa, Paglalagay ng Abonong  
Organiko atbp.**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod na layunin;


- Naisasagawa ang masistemang pangangalaga ng halaman tulad ng:
  - Pagdidilig at pagbubungkal ng lupa.
  - Paggawa ng organikong pataba at
  - Paglalagay ng abono sa lupa.




## **Subukin**

**A.** Ayusin ang mga titik upang matukoy ang inilalarawang kagamitan sa paghahalaman. Gawin sa iyong kuwaderno.


1. **SOLUD**–ginagamit sa pagbubungkal ng lupa sa paligid ng halaman.




2. **LROSAA**- ginagamit sa pagbubungkal ng lupa.




3. **RAGEDERA** - ginagamit sa pagdidilig ng halaman.




4. **YALKAKAY**- ginagamit ito upang linisin ang kalat sa bakuran tulad ng tuyong dahon at iba pang uri ng basura.



5. **PAAL**- ginagamit sa paglilipat ng lupa.



6. **KATI** –ginagamit pamputol ng malalaking kahoy, sanga, at malalaking halaman



**B.** Sagutin ang mga sumusunod. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Kailangang sundin ang mga panuntunan sa paggawa upang ito ay maging

a. Maganda

b. Maayos


c. kawili-wili

d. wasto

2. Sa paggawa, laging isaisip ang \_\_\_\_
- a. Pagtatanim
  - b. Pagpapahinga
  - c. makatapos
  - d. pag-iingat
3. Upang maging maayos at maginhawa sa paghahalaman, gumamit ng \_\_\_\_na damit.
- a. Manipis
  - b. Matibay
  - c. mahaba
  - d. maluwag
4. Dapat gumamit ng mga kasangkapang\_\_\_\_sa paghahalaman.
- a. Matibay
  - b. Angkop
  - c. matigas
  - d. luma
5. Mag-ingat sa paggamit ng mga \_\_\_\_ dahil ito ay pwedeng makalason.
- a. Pampataba
  - b. Kemikal
  - c. pantubig
  - d. pambuhos



**Lesson  
6**



**Agriculture and Fishery Arts:  
PAGSASAGAWA NG MASISTEMANG  
PANGANGALAGA NG TANIM TULAD  
NG PAGDIDILIG AT PAGBUBUNGKAL  
NG LUPA, PAGLALAGAY NG  
ABONONG ORGANIKO ATBP.**



**Balikan**

Sa paghahalaman, kailangan ang wastong paghahanda ng lupang taniman tulad ng pag-bubungkal ng lupa, pagdidilig at paglalagay ng organikong abono upang maging mataba at malago ang mga pananim. Nagdudulot ito ng magandang sistema ng pangangalaga ng halaman dahil nagkakaroon ng sustansya ang lupa na kailangan ng pananim.

Lagyan ng / tsek ang thumbs-up  kung tama ang iyong sagot at ang  thumbs-down kung hindi.

Mga dapat na isaalang-alang sa pagtanim ng mga halamang ornamental		
1. Ang mga halamang ornamental na lumalaki at yumayabong ay di dapat itanim sa harapan o unahan ng mga halamang maliit kung tumubo.		
2. Ang mga may kulay na halaman ay pinaplano kung paano at saan sila magandang patubuin.		



3. Ang laki at lapad ng mga dahon ay hindi inuuri kung saan ito ilalagay sa landscaping.		
4. Ang namumulaklak ng mga halaman ay kailangang ilagay sa naaarawan at kasiya-siyang tanawin.		
5. Ang mga halaman tulad ng malalaking puno ay dapat na ilagay sa unahan ng landscaping.		




## ***Tuklasin***

Anu-ano ang mga dapat mong tandaan kapag gusto mong lumago ang inyong halamanan?


Narito ang ilang tips sa pagpapalago ng halaman.

- I. **Pagdidilig at Pagbubungkal ng Lupa.** Sa pagbubungkal ng lupang pagtataniman kinakailangang gumamit ng mga kagamitang angkop sa pagbubungkal ng lupa. Ito ay nakatutulong upang maging maayos at mainam ang gawain sa paghahanda ng paghahalaman. Dapat ding alam mo ang wastong paraan ng paggamit ng iba't ibang kagamitan. Pag-aralan ang mga sumusunod:


1. Dulos – ginagamit sa pagbubungkal ng lupa sa paligid ng halaman. Ito rin ay mahusay na panglipat ng punla.




2. Asarol – ginagamit sa pagbubungkal ng lupa




3. Regadera – ginagamit pangdilig ng halaman



4. Kalaykay – ginagamit upang linisin ang kalat sa bakuran tulad ng tuyong dahon at iba pang uri ng basura




5. Pala – ginagamit sa palilipat ng lupa. Ang pagdidilig at pagbubungkal ng lupa ay nakatutulong upang maging malusog ang halamang ating inaalagaan.




## II. Paggawa ng organikong pataba

Sa paghahalaman kailangan din ang abono upang maging mataba at malago ang mga pananim. Ito ay maaring magmula sa likas na yaman. Sa pamamagitan ng composting ang mga sariwa o nabubulok na mga basura tulad ng balat ng prutas/gulay, dahon ng halaman at dumi ng mga hayop ay pwedeng gawing abono. Ang organikong pataba ay maganda sa lupa at halaman dahil ito ay nakapagdaragdag ng water holding capacity ng lupa at nakapagpapataba ng halaman. Ang organikong abono ay nakapagpapaganda sa kalidad ng lupa. Ito ay makukuha sa paggawa ng compost. Narito ang mga paraan ng paggawa ng compost pit.


1. Humanap ng medyo mataas na lugar.




2. Hukayin ito ng 2 metro ang haba, luwang at lalim.




3. Ilagay sa loob ng hukay ang mga pinutol na damo, basurang nabubulok at pinagbalatan ng gulay at prutas.




4. Patungan ito ng dumi ng hayop tulad ng baboy, manok, at baka.



5. Sabugan ito ng abo at patungan ito ng lupa.



6. Ulitin ang pagkakasunod-sunod ng damo, nabubulok na basura, dumi ng hayop, abo at lupa hanggang sa mapuno ang hukay.



7. Patagalin ng 3 buwan o higit pa upang mabulok. Kunin ang mga compost sa pamamagitan ng pagsasalandra gamit ang metal screen na maliliit ang butas.

### III. Paglalagay ng abono o pataba



Ang abono o pataba ay mahalaga sa mga pananim, nagsisilbi itong sustansya sa lupa na kailangan ng ugat ng pananim. Bagama't may mga organikong abono na madaling mabili sa mga tindahan, ang paggamit ng organikong pataba ay higit na iminumungkahi dahil ligtas at mura. Ang paglalagay ng pataba ay maaaring ilagay bago magtanim, habang nagtanim, o pagkatapos magtanim higit sa lahat ang pinakamagandang panahon ng paglalagay ng abono ay habang maliit pa ang tanim bago ito mamunga. Sa panahong ito kailangan ng tanim ang sustansya mula sa lupa. Ang patabang galing sa may buhay ay inihahalo sa lupa, samantalang ang patabang galing sa walang buhay ay nakasulat sa balot ng mga ito. Narito ang ilang paraan ng paglalagay ng abono o pataba:


## **Broadcasting method**

Ang pataba ay kinakalat sa ibabaw ng lupa, kadalasang ginagawa ito sa palayan at maisan.



## **Side-dressing methods**

Ang pataba ay ilalagay sa lupa na hindi gaanong malapit sa ugat ng halaman sa pamamagitan ng kagamitang nakalaan para dito. Ito ay kadalasang ginagawa sa mga halaman na nakatanim na pahilera at hindi paisa-isa.




## **Follar Application Methods**

Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pagdidilig o pag-iispray ng solusyong abono sa mga dahon ng halaman.




### Ring Method (Paraang pabilog)

- a. Humukay ng pabilog sa paligid ng tanim na may layong kalahati hanggang isang pulgada mula sa puno o tangkay.
- b. Ilagay ang pataba sa lugar na hinukay.
- c. Takpan ng lupa ang pataba.



### Basal Application Method

Paglalagay ng abono sa pamamagitan ng pataba sa lupa bago itanim. Kapag ang halaman naman ay itanim sa paso, ang pataba ay inihahalo muna sa lupa bago itanim ang halaman.



Samantala ang mga di-organikong pataba naman tulad ng **urea (46-0-0)** at **complete fertilizer (14-14-14)** ay inihahanda sa prosesong kemikal at mekanikal, subalit iminumungkahing huwag masyadong gamitin sapagkat ito ay nakakasira at hindi ligtas sa tao.



## ***Suriin***

Halika at ating suriin!

Sa iyong kuwaderno, pagtambalin ang mga sumusunod na kagamitan ayon sa gamit nito.

### **Hanay A**

1. Dulos
2. Asarol
3. Pala
4. Kalaykay
5. Regadera

### **Hanay B**

- a. ginagamit panglipat ng lupa
- b. ginagamit pang linis ng kalat
- c. pandilig ng halaman
- d. pangbungkal ng lupa
- e. panlipat ng punla

Isulat ang Oo kung tama ang ipinahihiwatig ng pangungusap at Hindi kung mali.

\_\_\_\_\_ 1. May dalawang uri ng abono, ang organiko at di-organikong abono.


\_\_\_\_\_ 2. Ang di-organikong pataba ay galing sa nabulok na prutas, dumi ng hayop, mga nabubulok at iba pa.

\_\_\_\_\_ 3. Ang halaman ay kailangang bungkalin isa o dalawang beses isang linggo.

\_\_\_\_\_ 4. Ang compost pit ay inilalagay sa maayos na lugar para madaling makita ng mga tao.

\_\_\_\_\_ 5. Pinagpapatung-patong na damo, nabubulok na basura, dumi, ng mga hayop, apog, o abo, at lupa ang tamang paglalagay sa compost heap/pit.





## ***Pagyamanin***

Pagyamanin natin ating kaisipan!!!

Hanapin sa loob ng kahon ang salita na tinukoy ng bawat pangungusap. Titik lamang ang isagot. Gawin saiyong kuwaderno.

- 
- a) Broadcasting method
  - b) Side-dressing methods
  - c) Follar Application Methods
  - d) Ring Method (Paraang pabilog)
  - e) Basal Application Method

\_\_\_ 1. Ang pataba ay kinakalat sa ibabaw ng lupa, kadalasang ginagawa ito sa palayan at maisan.

\_\_\_ 2. Ang pataba ay ilalagay sa lupa na hindi gaanong malapit sa ugat ng halaman sa pamamagitan ng kagamitang nakalaan para dito.

\_\_\_ 3. Ito ay ginagawa sa pagdidilig o pag-iispray ng solusyong abono sa mga dahon ng halaman.

\_\_\_ 4. Paghukay ng pabilog sa paligid ng tanim na may layong kalahati hanggang isang pulgada mula sa puno o tangkay.

\_\_\_ 5. Paglalagay ng abono sa pamamagitan ng pataba sa lupa bago itanim.



## **Isaisip**

Sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Isulat ang iyong sagot sa malinis na papel.

1. Ano ang pagkakaiba ng organikong abono at di-organikong abono?
2. Bakit kinakailangang tama ang paglalagay ng abono sa halaman?
3. Mahalaga bang sundin ang hakbang sa paggawa ng compost pit? Bakit?



## **Isagawa**

Ipakita ang tamang pagdidilig at pagbubungkal ng lupang taniman ng halamang ornamental. Magpakuha ng larawan o video habang ginagawa ito at ipadala ito sa guro.



## **Tayahin**

Sagutin ang mga sumusunod sa pamamaraan ng paglalagay ng T kung tama ang sinasabi at M kung mali ito.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang tubig ay mahalaga sa buhay at halaman.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang organikong abono ay maaring makuha kung saan-saan lamang.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang halaman ay kinakailangang bunkalin ng isa o dalawang beses isang lingo.
- \_\_\_\_\_ 4. May dalawang uri ng abono, ito ay ang organiko at di-

organiko.

\_\_\_\_\_ 5. Ang halaman ay lumalago kahit walang abono ang lupa.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Anu-ano ang masistemang paraan ng pangangalaga ng halaman?
2. Ano ang dalawang uri ng abono?
3. Anu-ano ang mga paraan ng paglalagay ng abono sa halaman? Magbigay ng isang halimbawa.



### ***Karagdagang Gawain***

Magsagawa ng compost pit sa likod ng inyong tahanan gamit ang natutunang proseso. Narito ang pamantayan.

Pamantayan	Oo	Hindi	Di - gaano
1. Nasunod nang tama ang proseso sa paggawa ng compost pit			
2. Naisagawa nang maayos ang paggawa ng compost pit.			
3. Napanatili ang kalinisan ng kapaligiran at ng sarili			

***Binabati kita at Matagumpay mong nasagutan ang ating aralin!***



## Susi sa Pagwawasto

**Pagtataya**

1. T  
2. M  
3. T  
4. T  
5. M

1. Ang masistemang pangangalaga ng tanim ay may tatlóng paraan ito ay ang sumusunod; una pagdididilig at pagbubungkai ng lupa, pangalawa ay ang paggawa ng organikong pataba at ang ikatlo ay ang paglalagay ng abono opataba sa lupa upang ito ay magising maisog.

2. Ang dalawang uri ng abono ay Organikong abono at di-organikong abono.

3. Ang mga paraan ng paglalagay ng abono sa mga halaman ay: broadcasting methods, side-dressing methods, foliar application methods, ring methods, at basal application methods.

Hal. Ring Method (Paraang pabilog)

a. Humukay ng pabilog sa paligid ng tanim na may layong kalahati hanggang isang pulgada mula sa puno o tangkay.

b. Ilagay ang pataba sa lugar na hinukay. Takpan ng lupa ang pataba

- Pagtambalin**
1. e
  2. d
  3. a
  4. b
  5. c
  1. Oo
  2. Oo
  3. Oo
  4. Hindi
  5. Oo

**Isagawa**  
Depende sa gawa ng mga bata

**Pagymamanin**  
1. A  
2. B  
3. C  
4. D  
5. E

**Isaisip**  
Depende sa sagot ng bata

	1 /	
	2 /	
	3 /	
	4 /	
	5 /	

**Balikan**



- Subukin**
1. dulos
  2. asarol
  3. regadera
  4. kalaykay
  5. pala
  6. itak
- b. mga titik ng tamang sagot
1. b
  2. d
  3. d
  4. b
  5. b

## ***Sanggunian***

*Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4. Pasig City: Vibal Group, Inc.*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)